PAGBUBUNTIS

# Ang Iyong Lumalaking Sanggol

Ang **unang tatlong buwan** (ang unang 14 na mga linggo) ay isang oras ng mabilis na paglaki at pag-unlad. Ito ay oras din kung kailan ang iyong anak ay nasa pinakamataas na peligro mula sa mga panganib na tulad ng paninigarilyo, alkohol, droga, impeksyon at mga X-ray. Sa pagtatapos ng unang tatlong buwan, ang iyong sanggol ay magiging kasing laki ng isang limon!

Ang utak ng iyong sanggol ay talagang nagsisimulang umunlad sa panahon ng **ikalawang tatlong buwan** (15 hanggang 27 na mga linggo), at magpapatuloy na gawin ito hanggang siya ay nasa kanyang mga edad na dalawampung taon. Sa pagtatapos ng ikalawang tatlong buwan, ang iyong sanggol ay magiging kasing laki ng isang kamote!

Sa **ikatlong tatlong buwan** (28 linggo hanggang sa kapanganakan), ang iyong sanggol ay naghahanda nang maipanganak. Ang karamihan ay maaaring ligtas na makadating makalipas ang 36 na mga linggo. Sa puntong iyon, ang iyong sanggol ay magiging sukat ng isang honeydew na melon!

Ang isang sanggol na ipinanganak bago ang 37 linggo ay **maaga sa panahon o preterm**.

Ang isang sanggol na ipinanganak sa pagitan ng 37 at 39 na mga linggo ay **maagang termino**.

Ang isang sanggol na ipinanganak sa pagitan ng 39 at 41 na mga linggo ay **buong termino**.

Ang isang sanggol na ipinanganak sa pagitan ng 41 at 42 na linggo ay **huling termino**.

Ang isang sanggol na ipinanganak sa 42 mga linggo o mas huli ay **napatagal sa panahon o post term**.




### Unang Tatlong Buwan: 0 hanggang 14 na linggo

**1 araw** – ang tamud at itlog ay nagkatagpo

**7-10 araw** – ang na-fertilize na itlog ay kumakabit sa matris; ang inunan ay nagsisimulang mabuo

**2 linggo** – ang embryo ay nabubuo sa mga pader ng matris; humihinto ang mga panahon ng pagreregla

**4 na linggo** – ang mga mata, mga tainga, ilong, gulugod, digestive tract at sistema ng nerbiyo ay nagsisimulang mabuo; ang tubo (panghinaharap na puso) ay nagsisimulang tumibok

**8 linggo** – ang embryo ay nagiging isang fetus at mayroon ng lahat ng mga organo; ang mga buto ay nabubuo

**12 linggo** – ang ngipin ay umuusbong, ang mga kuko at ari ay nabubuo; ang fetus ay maaaring gumagalaw ngunit hindi maaaring maramdaman; ang tibok ng puso ay maaaring marinig ng doktor




## Ikalawang Tatlong Buwan: 15 hanggang 27 mga linggo

**16 na linggo** – naririnig ng sanggol ang iyong boses; maaaring maramdaman mong gumagalaw siya

**17 linggo** – nagsisimulang mabuo ang sistema ng panlaban sa sakit habang nagsisimulang itabi ng sanggol ang iyong mga antibody

**20 linggo** – ang downy na buhok ay tumatakip sa katawan; lumalago ang mga kilay at mga pilikmata; ang unang dumi ("meconium") ay lilitaw sa bituka

**24 na linggo** – nagsisimula ang paghinga

**26 na linggo** – ang balangkas ng sanggol ay maaaring madama sa pamamagitan ng iyong tiyan

## Pangatlong Tatlong Buwan: 28 linggo hanggang kapanganakan

**28 linggo** – ang sanggol ay maaaring makapag-imbak ng mga sustansya at makarinig at tumugon sa mga tunog

**32 linggo** – ang taba ay nabubuo; ang panlasa ay umuunlad; ang mga mata ay tumutugon sa ilaw

**36 na linggo** – ang katawan ay mas mabilog; makinis ang balat at natatakpan ng maputla, malakesong sangkap

**40 linggo/buong termino** – ang mga itlog ng mga sanggol na lalaki ay nasa eskrotum; buo na ang panlabas na ari ng mga sanggol na babae

**40-42 linggo/huling termino** – ang mga malambot na spot ("mga bumbunan") sa ulo ay nagiging mas maliit; lumiliit ang layer ng taba; ang balat ay mas tuyo at mas maluwag